**INSTABRIGHT e-GAZETTE**
**ISSN: 2704-3010**
**Volume VIII, Issue I**
**August 2026**
*Available online at https://www.instabrightgazette.com*
****************************************************************************************************

# "PUTOK O TULDOK"

**ni: CYRA JOY F. BELLEZA**

**I**

Ako'y matamang nakatunghay sa isang nakapiring

Sa apat na sulok wari'y lahat sa akin ang tingin

Suot nila'y payaso habang umiiling

Babala ba o isang hiling?

**II**

Musmos na bata kung ituring

Minsan nang sa hayop ay naihambing

Mga asal ay karima-rimarim

Inaangkin kahit ang sariling atin.

**III**

Batid niyo ba ang tinig ng aking Ina?

Umaalingawngaw ang katagang "tama na"

Kayumanggi ang bagong pinta, ngunit berde't luntian ang una

Siglo'y lilipas at di na sasapat ang "Ina, tahan na".

****************************************************************************************************
**Editorial Team**
**Editor-in-Chief**: Alvin B. Punongbayan
**Associate Editor**: Andro M. Bautista
**Managing Editor**: Raymart O. Basco
**Web Editor**: Nikko C. Panotes
**Manuscript Editors / Reviewers**:
Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez, Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Ma. Rhoda E. Panganiban, Rjay C. Calaguas, Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto, Jerico N. Mendoza
****************************************************************************************************

INSTABRIGHT e-GAZETTE
ISSN: 2704-3010
Volume VIII, Issue I
August 2026
*Available online at https://www.instabrightgazette.com*

**IV**

Nasa laylayan ay humihikbi

Isang sulyap, isang sipi

Kinabukasan ang tugon ay sino ka nga uli?

Di tanaw piring ay salapi.

**V**

Manghang nasa dilim ng piging, alam ang diringgin

Sa likod ngiti, kilala ang salarin

Kaya't kahit tanikala'y pipilitin

Malaya't di magiging alipin.

**VI**

Daing ay di nalimot

Galit na maaaring maging poot

Saang dako man ay maghihimutok

Tahimik ngunit di masalimuot.

**VII**

Humiyaw upang daing ay pakinggan

Ngunit tila mag isa sa kalawakan

**Editorial Team**
**Editor-in-Chief**: Alvin B. Punongbayan | **Associate Editor**: Andro M. Bautista
**Managing Editor**: Raymart O. Basco | **Web Editor**: Nikko C. Panotes
**Manuscript Editors / Reviewers**:
Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez,
Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Ma. Rhoda E. Panganiban, Rjay C. Calaguas,
Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto, Jerico N. Mendoza

INSTABRIGHT e-GAZETTE
ISSN: 2704-3010
Volume VIII, Issue I
August 2026
*Available online at https://www.instabrightgazette.com*

Nagmistulang pipi't bingi ang karamihan

Paano pang hustisya ay makamtan?

**VIII**

Nanlumo't nanluno

Tikas tindig ang pinuno

May kung anong likidong kumukulo

Nag-aalab yaring puso.

**IX**

"Ako si Abyan!"

Di palulupig sa sinuman

Pag-asa't kapit bisig sa balintataw ang tangan

Tulad kay Gat, tinta't pluma ang mabisang paraan.

**X**

Pag-asang nakasulat sa baybayin ang alok

Pahinang dalawang libo't dalawamput anim ay di kaya ng isang lagok

Sikat o lilim magkakaisa sa tuktok

Wakas ay di putok sapagkat sa di-lihim na tuldok.

**Editorial Team**
**Editor-in-Chief**: Alvin B. Punongbayan
**Associate Editor**: Andro M. Bautista
**Managing Editor**: Raymart O. Basco
**Web Editor**: Nikko C. Panotes
**Manuscript Editors / Reviewers**:
Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez, Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Ma. Rhoda E. Panganiban, Rjay C. Calaguas, Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto, Jerico N. Mendoza